

Filipino

Ikaapat na Markahan–Modyul 7: Pag-unawa sa *Radio Broadcasting* at Teleradyo



**Filipino– Ikaapat na Baitang
Alternative Delivery Mode**

**Ikaapat na Markahan – Modyul 7: Pag-unawa sa *Radio Broadcasting* at Teleradyo
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa aklat na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis-Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Ma. Theresa I. Cortez	
Editor:	Girlie Marie L. Penales	
Tagasuri:	Rechie O. Salcedo	
Tagaguhit:	Mark Anthony Taduran	
Tagalapat:	Rey Antoni S. Malate, Niño D. Jacobe	
Tagapamahala:	Gilbert T. Sadsad	Francisco B. Bulalacao, Jr.
	Grace U. Rabelas	Ma. Leilani R. Lorico
	Nora J. Laguda	Jerson V. Toralde
	Belen B. Pili	

Inilimbag sa Pilipinas ng Department of Education – Region V

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500

Telefax: 0917 178 1288

E-mail Address: region5@deped.gov.ph

Filipino

Ikaapat na Markahan – Modyul 7:

Pag-unawa sa

***Radio Broadcasting* at**

Teleradyo

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan



Alamin

Isang magandang araw sa iyo.

Kumusta ka na?

Pangarap mo bang maging isang *scriptwriter* o makasama sa *Radio Broadcasting Team* ng inyong paaralan?

Tara pag-aralan natin ang modyul na ito sapagkat ito'y ginawa para matulungan kang maragdagan ang iyong kaalaman at ang iyong pag-unawa sa kung paano sumulat ng isang iskrip panradyo at telebisyon.

Simulan na natin ang ating talakayan.

Sa tulong ng modyul na ito, inaaasahan na:

1. Nasasagot mo ang tanong sa binasang iskrip ng *radio broadcasting* at teleradyo. (F4PB-IVg-j-101)
2. Nakasusulat ka ng iskrip para sa *radio broadcasting*. (F4PU-IVg-2.7.1)
3. Naibabahagi mo ang obserbasyon sa iskrip ng *radio broadcasting* at teleradyo. (F4PS-IVh-j14)
4. Nagagamit mo ang iba't ibang uri ng pangungusap sa pagsasagawa ng *radio broadcast*. (F4WG-IVd-h-13.4)
5. Naibibigay mo ang buod o lagom ng tesktong *script* ng teleradyo. (F4PB-IVf-j-102)





Subukin

Subuking gawin ito.

Alamin muna natin kung hanggang saan ang iyong kaalaman sa **pagsulat at pagbuod ng isang iskrip panradyo o teleradyo gamit ang iba't ibang uri ng pangungusap?**

Basahin ang balitang iskrip panradyo o teleradyo na nasa ibaba.

*DWIC 87.5 Teleradyo Central
Nobyembre 27, 2019
1:00 – 2:00 NH*

CES Project, Isinusulong ng SDO Iriga

Isinusulong ng *Schools Division Office* o SDO ng Iriga ang bagong proyekto na “*Championing Excellence in Service*” o CES ngayong taon upang makatulong sa layunin ng DepEd sa pagbibigay ng de-kalidad na edukasyon sa mga mag-aaral.

Ayon kay Dr. Cecille Bernadette P. Rivera, *Schools Division Superintendent* ng SDO Iriga, na malaking isang hamon ang haharapin ng Iriga City Division para makamit ang tagumpay at layunin ng proyektong CES upang matulungan ang bawat mag-aaral na katuwang ang komunidad, mga magulang, kaguruan at iba't ibang ahensya upang makapagbigay ng de-kalidad na serbisyo na matugunan ang pangangailanang ng isang mag-aaral.

Dagdag pa niya, ang programang ito ay magkaroon ng positibong pananaw sa pagsulong nang de-kalidad na serbisyong pang-edukasyon sa bawat paaralang nasasakupan ng SDO, Iriga.

A. Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

1. Sa binasang iskrip panradyo o teleradyo, ano ang proyektong isinusulong ng SDO Iriga?

A. *Project CES*

C. *Project DEAR*

B. *Project Noah*

D. *Project WINS*

2. Kailan isinusulong ang proyekto?

A. Taong 2018

C. Taong 2020

B. Taong 2019

D. Taong 2021

3. Bakit isinusulong ang proyektong CES ng SDO Iriga?

A. Layunin nitong magkaroon ng de-kalidad na edukasyon sa lahat ng paaralang nasasakupan nito.

B. Maihanda lamang ang mga paaralang nagbibigay ng karangalan.

C. Isinusulong ito para sa sariling kapakanan.

D. Mabigyang pansin ang iba't ibang ahensiya sa pagsulong nito

4. Anong hamon ang haharapin ng *Iriga City Division* sa pagsulong ng proyektong ito?

A. Maipahayag lamang ang proyektong ito.

B. Makamit ang layunin at tagumpay ng proyektong ito para sa mga bata.

C. Ang *CES project* ay para lamang sa mga matatalino.

D. Makatawag pansin sa komunidad upang tangkilikin ang proyekto.

5. Saka-sakaling isinusulong din ang *Project CES* sa inyong paaralan. Bilang isang mag-aaral, papaano ka tutugon sa proyektong ito?
- A. Hahayaan ko lang na magkaroon ng proyektong CES sa aming paaralan.
 - B. Positibo kong gagampanan ang aking tungkulin bilang isang mag-aaral na gagawin ko ang mga gawaing pampaaralan at mag-aaral nang mabuti.
 - C. Okey lang ang ganitong programa kaya't makikisabay sa uso.
 - D. Wala po akong gagawin sa pagtugon sa programang ito.

B. Panuto: Ibigay ang buod o lagom ng balitang iskrip na binasa gamit ang iba't ibang uri ng pangungusap.

Gamitin mo ang rubrik sa ibaba para sa kabuoang ayos ng iyong ginawa. Ipamarka ito sa iyong magulang o kapatid.

Rubrik sa Pagsulat ng Buod o Lagom/Infomercial ng Panradyong/Teleradyong Iskrip

Marka	Pamantayan
5 Napakahusay	Napakalinaw nang pagkakasulat ng buod o lagom/ <i>infomercial</i> ng panradyo o teleradyong iskrip na ginamit ang iba't ibang uri ng pangungusap sa pagbigay ng mga sumusuportang detalye sa pagsulat ng balitang iskrip.
4 Mahusay	Makikita sa isinulat na buod o lagom/infomercial ng panradyo o teleradyong iskrip na ginamit ang iba't ibang uri ng pangungusap sa pagbigay ng mga sumusuportang detalye sa pagsulat ng balitang iskrip.

3 Katamtaman	Medyo makikita sa isinulat na buod o lagom/ <i>infomercial</i> ng panradyo o teleradyong iskrip na ginamit ang iba't ibang uri ng pangungusap sa pagbigay ng mga sumusuportang detalye sa pagsulat ng balitang iskrip.
2 Di Gaanong Mahusay	Hindi gaanong malinaw ang isinulat na buod o lagom/ <i>infomercial</i> ng panradyo o teleradyong iskrip na ginamit ang iba't ibang uri ng pangungusap sa pagbigay ng mga sumusuportang detalye sa pagsulat ng balitang iskrip.
1 Magsanay pa	Hindi malinaw ang isinulat na buod o lagom/ <i>infomercial</i> ng panradyo o teleradyong iskrip na ginamit ang iba't ibang uri ng pangungusap sa pagbigay ng mga sumusuportang detalye sa pagsulat ng balitang iskrip.

Aralin 1

Pag-unawa sa *Radio Broadcasting* at Teleradyo



Balikan



Napag-aralan natin sa nakaraang aralin ang tungkol sa **katitikan o minutes ng pagpupulong**.

Naalala mo pa ba kung papaano ito isulat gamit ang mga uri ng pangungusap sa pormal na pagpupulong? Sige nga't gawin natin ang pagsasanay sa ibaba.

Panuto: Sumulat ng *minutes* ng pagpupulong gamit ang impormasyon na nasa loob ng kahon. Sundin ang natutunang pormat sa pagsulat nito. Gawin ito sa iyong papel.

- Pagpupulong Para sa DSPC 2019
- Bilang ng dadalo: 15 miyembro
- Inihanda ni: Ma. Theresa I. Cortez (Kalihim)
- Lugar ng pinagdausan: Silid ng Grade 6- Bonifacio
- Pinangunahan ni Gng Jester N. Bona, tagapag-ugnay ng Dyornalismo ng Paaralang Sentral ng Iriga ang pulong. Ipinaliwanag niya ang kahalagahan ng pagsasanay sa larangan ng pamamahayag. Kaya't nagbigay siya ng iskedyul sa mga batang manunulat upang hasahin ang kanilang talento sa pagsulat ng balita, lathalain, isports, editoryal at iba. Sinangayunan ng lahat ng dumalo ang ilang mungkahi para sa paghahanda sa *Division Schools Press Conference*. Pinagtibay naman ito ni Gng. Bona. Tinalakay rin ang iba pang mahahalagang impormasyon. Natapos ang pagpupulong sa ganap na ika-3 ng hapon.
- Petsa: Agosto 10, 2019
- Oras ng simula: Ika-1 ng hapon



Nakuha mo ba nang tama ang pagsulat ng *minutes* sa pagpupulong? Alam kong nagawa mo ito. Kaya naman, ihanda na ang sarili sa bagong aralin na mas lalo kang masisiyahan sa ***pagsagot at pagsulat ng isang iskrip panradyo o teleradyo gamit ang iba't ibang uri ng pangungusap.***



Tuklasin

Basahin at pag-aralang mabuti ang panradyo o teleradyong iskript na nasa ibaba at pagkatapos ibahagi ang iyong obserbasyon tungkol dito.

Iskrip na Panradyo

1. **STATION ID.** D-Z-F-C 75. 7 Radyo Filipino!
2. **STINGER MSC UP FOR 5 SECS AND UNDER**
3. **ANCHOR:** Wow! Isang napakagandang umaga ang bumabati sa inyong lahat mga tagapakinig. Narito na naman po kami upang maghatid ng sariwa at mainit na balita. Ito ang inyong lingkod Marie Cortez. Samahan ninyo kami sa panlunes na edisyon ng Radyo Filipino.
4. **STINGER MSC UP FOR 2 SECS AND UNDER**
5. **ANCHOR:** At ngayon sa ulo ng mga pangunahing balita.
 1. Bagyong Rolly nagdala ng malaking pinsala sa Lungsod ng Iriga
 2. DRMM-LANDIA *drill* isinulong, mag-aaral ng ICS sinubukan
6. **STINGER MSC UP FOR 2 SECS AND UNDER**
7. **ANCHOR:** Sa detalye ng mga pangunahing balita. Bagyong Rolly nanalanta sa buong kabikolan. Lester, kamusta na ba ang mga kapatid natin diyan sa barangay San Ramon?

8. **STINGER MSC UP FOR 2 SECS AND UNDER**

1. **REPORTER 1:** Sa katunayan Marie, hindi maganda ang kalagayan ng ating mga kapatid dito sapagkat winasak ang kani-kanilang bahay matapos manalanta ni Bagyong Rolly sa ating lugar noong nakaraang Linggo.

Ayon sa *City Disaster Risk Reduction Management Council* o CDRRMC ng Lungsod ng Iriga, halos lahat ng barangay ay may naiulat na marami ang nasiraan ng bahay at sa kasalukuyan may mga lugar pa dito sa atin ang lubog pa rin sa baha.

Dagdag pa rito, aabot sa 5 milyong pisong halaga ang napinsala sa agrikultura at infrastruktura. Ito po ang iyong kabalitaan Lester Umali.

2. **STINGER MSC UP FOR 2 SECS AND UNDER**

3. **ANCHOR:** Salamat Lester, Muling magbabalik ang D-Z-F-C pagkatapos ng isang paalala.

4. **INFOMEICIAL:** (TUNOG NG PINTONG BINUBUKASAN)

NANAY: *Naku! anak bawal lumabas ng walang face mask.*

ANAK: *Bakit naman po Inay?*

NANAY: *Kasi anak, delikado ang COVID-19 maaari ka nitong mahawaan at magkasakit. Kailangan nating sundin ang health protocol.*

Pahalagahan ang kalusugan, Para sa ating kinabukasan!

Isang mensahe mula sa IATF at ng himpilang ito.

5. **ANCHOR:** Muling nagbabalik ang D-Z-F-C Radyo Pilipino. Patuloy po tayo sa ating balitaan, DRMM-LANDIA drill isinulong, mag-aaral ng ICS sinubukan, ating pakinggan ang balitang hatid ni Sarah Fe.

6. **REPORTER 2....PLUG IN...ISINULONG PLUG**
OUT...NAGUULAT...

7. **ANCHOR:** Salamat Sarah. Inyong napakinggan ang mga isyung pinag-uusapan ng sambayanan, hanggang sa muli nating pagsasama. Maraming salamat sa inyong pakikinig.

Isinulat ni: Ma. Theresa I. Cortez



Suriin

Alam mo ba na ang binasa mo sa Tuklasin ay isang halimbawa ng panradyo o teleradyong iskrip.

Ano ang iyong napansin o naobserbahan sa pagsusulat ng isang panradyo o teleradyong iskrip?

Tara, alamin natin sa ating talakayan.

Ano ang iskrip?

Iskrip – ay isang uri ng manuskripto na ginagawa para sa *radio broadcasting* upang maging gabay sa pagkakasunod-sunod ng mga programang panradyo. Ito ay naglalaman ng mahahalagang impormasyon na nais ipaabot sa mga tagapakinig.

Tatlong Bahagi ng Iskrip Panradyo

- **Pangkalahatang Iskrip**- ay tinatawag din na '**Master Script**' na ginagamit ng *announcer, host, o anchor* sa isang *radio station* upang alam niya ang pagkakasunod-sunod niyang gawin sa pag-ere sa radyo.

Halimbawa:

PANRADYONG ISKRIP NG RADYO PILIPINO D-Z-F-C 75.7
STATION ID. D-Z-F-C 75. 7 Radyo Pilipino!

STINGER MSC UP FOR 5 SECS AND UNDER

ANCHOR: Wow! Isang napakagandang umaga ang bumabati sa inyong lahat mga tagapakinig. Narito na naman po kami upang maghatid ng sariwa at mainit na balita. Ito ang inyong lingkod Marie Cortez. Samahan ninyo kami sa panglunes na edisyon ng Radyo Pilipino.

STINGER MSC UP FOR 2 SECS AND UNDER

ANGKOR: At ngayon sa ulo ng mga pangunahing balita.

1. Bagyong Rolly nagdala ng malaking pinsala sa lungsod ng Iriga
2. DRMM-LANDIA *drill* isinulong, mag-aaral ng ICS sinubukan

STINGER MSC UP FOR 2 SECS AND UNDER

ANCHOR: Sa detalye ng mga pangunahing balita. Bagyong Rolly nanalanta sa buong kabikolan. Lester, kamusta na ba ang mga kapatid natin diyan sa barangay San Ramon?

STINGER MSC UP FOR 2 SECS AND UNDER

REPORTER 1 ...PLUG IN...BAGYONG ROLLY PLUG OUT...NAGBABALITA

ANCHOR: Salamat Lester, Muling magbabalik ang D-Z-F-C pagkatapos ng isang paalala

INFOMERCIAL...PLUG IN...NAKU! PLUG OUT... ITO

ANCHOR: Muling nagbabalik ang D-Z-F-C Radyo Pilipino. Patuloy po tayo sa ating balitaan, DRMM-LANDIA *drill* isinulong, mag-aaral ng ICS sinubukan, ating pakinggan ang balitang hatid ni Sarah Fe.

REPORTER 2 ...PLUG IN...ISINULONG PLUG OUT...NAGUULAT...

ANCHOR: Salamat Sarah. Inyong napakinggan ang mga isyung pinag-uusapan ng sambayanan, hanggang sa muli nating pagsasama. Maraming Salamat sa inyong pakikinig.

Balitang Iskrip - ay naglalaman ng mga impormasyon ukol sa mga pangyayaring nagaganap sa loob at labas ng ating bansa. Ito ay maaring Balitang nasyonal, lokal, isports, *showbiz* at iba pa.

Halimbawa:

BAGYONG ROLLY NAGDALA NG MALAKING PINSALA SA LUNGSOD NG IRIGA

Hindi maganda ang kalagayan ng ating mga kapatid dito sapagkat winasak ang kani-kanilang bahay matapos manalanta ni Bagyong Rolly sa ating lugar noong nakaraang Linggo.

Ayon sa *City Disaster Risk Reduction Management Council* o CDRRMC ng lungsod ng Iriga, halos lahat ng barangay ay may

naiulat na marami ang nasiraan ng bahay at sa kasalukuyan may mga lugar pa dito sa atin ang lubog pa rin sa baha.

Dagdag pa rito, aabot sa 5 milyong pisong halaga ang napinsala sa agrikultura at infrastruktura.

- **Infomercial** - ay isang uri ng paglalahad ng impormasyon na nagbibigay ng paalala o payo sa pamamagitan ng pagsasadula.
 - Ginagamit ang *infomercial* sa telebisyon maging sa radyo upang mailahad ang mensaheng nais iparating sa mga tagapakinig gamit ang iba't ibang uri ng boses depende sa karakter na nais nilang iparinig mula.
 - Pagsulat ng *Infomercial*:
 - Alamin ang tema ng *infomercial* na iyong gagawin.
 - Pupukaw sa interes ng tagapakinig.
 - Napupulutan ito ng aral.
 - Huwag mahaba ang pagkakasulat, maging maikli lamang na madaling maintindihan ang mensahe nito.

Halimbawa:

NANAY: Naku! anak bawal lumabas ng walang *face mask*.


ANAK: Bakit naman po inay?

NANAY: Kasi anak, delikado ang *COVID 19* maaari ka nitong mahawaan at magkasakit. Kailangan natin sundin ang *health protocol*.

Pahalagahan ang kalusugan, Para sa ating kinabukasan
Isang mensahe mula sa IATF at ng himpilang ito.

Ano-ano ang dapat natin isaalang-alang sa pagsusulat ng iskrip sa panradyo o teleradyo?

Dapat isaalang-alang sa pagsusulat ng pangkalahatang iskrip panradyo ang sumusunod na detalye.



1. Pagbanggit ng *station ID*
2. Pagsabi ng oras ng pagsasahimpapawid o *broadcast*.
3. Pagbibigay galang, pagbanggit ng petsa at pagpapakilala ng mga *anchor*, o tagapag-broadcast.
4. Paghahandog ng *infomercial*
5. Paglalahad ng mga pangunahing ulo ng mga balita
6. Paglalahad ng mga detalye ng mga pangunahing balita.
7. Pag-*plug out* o *Extro*.

- *Station ID*- Pangalan ng istasyon at *Frequency* ng radyo.
Hal. DZMM, DZKI, DWEB
- *Anchor* - Tagapagbalita, *Announcer*
- *Headline* - Tumutukoy ito sa mga ulo o pangunahing balita.
- *Stinger/Music Bed* - Musika o tugtog/*Music background*
- *Plug In* - Simula ng pagsasahimpapawid
- *Plug Out*- Pagtatapos ng pagsasahimpapawid



Alamin naman natin kung papaano nasasagot ang mga tanong tungkol sa nabasang pangkalahatang iskrip, balitang iskrip, at *infomercial*.

Dapat tandaan sa pagsagot ng mga tanong sa nabasang iskrip.

1. Sagutin ang mga literal na mga tanong na kung saan makikita ang sagot ay nasa mismong teksto o balitang binasa. Sasagutin ang tanong na Sino, Saan, Kailan, at Ano.

Halimbawa:

*Sino ang naapektuhan sa pananalanta ng Bagyong Rolly ayon sa balitang binasa? Sagot: Ang ating mga kapatid na taga-Iriga.

*Kailan nangyari ang pananalanta ni Bagyong Rolly?

Sagot: noong nakaraang linggo

*Saan nangyari ang pananalanta ng bagyo, ayon sa balita?

Sagot: sa Lungsod ng Iriga.

Ano-ano ang mga nasira ng bagyo? Sagot: mga bahay, imprastraktura at agrikultura.

2. Sagutin din ang mga tanong na pagsusuri at paghihinuha. Ang mga sagot dito ay hindi matatagpuan sa teksto. Kailangan mong ipaliwanag ng maayos ang iyong sagot o hinuha bilang tanda ng iyong lubusang pagkaunawa sa binasa mo.

Halimbawa:

***Papaano mo masasabing marami ang naapektuhan ng bagyo?**

Sagot: Ayon sa CDRRMC maraming bahay ang nasira at lubog sa baha. Napinsala rin ang agrikultura at imprastraktura.

***Bakit kailangang ibalita ang nangyaring pananalanta ng bagyong Rolly?**

Sagot: Upang malaman ng tao ang nangyari at tunay na katayuan ng isang lugar na nasalanta ng bagyo. Sa pamamagitan ng pagbabalita ay makakarating ang mga tulong na maaaring ibigay sa mga nangangailangan.



Pag-aralan naman natin kung papaano sumulat ng isang iskrip sa *radio broadcasting* o teleradyo at ang pagbubuod nito. Tara, simulan na natin.

Mga Paalala sa Pagbuo ng Iskrip sa isang *Radio Broadcasting*.

- a. Umiisip ng napapanahon at kawili-wiling paksa.
- b. Gumamit at pumili ng mga salitang madaling maintindihan ng mga tagapakinig o angkop sa lahat ng edad na para ka lang nakikipag-usap sa iyong tagapakinig.
- c. Iwasan ang paligoy-ligoy at paulit-ulit sa iyong sinasabi.
- d. Sa pagsulat ng balitang iskrip kailangan na ang bawat talata ay katumbas ng isang pangungusap.
- e. Tiyaking mabigkas nang maayos ang mga salitang ginamit.
- f. Isaalang-alang ang tamang gramatika at baybay ng salita at bantas.
- g. Isusulat sa malalaking titik ang mga salitang hindi babasahin.

Ano ang Buod o Lagom?

- Ang buod o lagom ay ang pinaikling bersiyon na pinipili ang mahahalagang ideya at sumusuportang ideya o datos sa tekstong binasa o napakinggan.
- Mahalaga ang pagtutok sa lohikal at kronolohikal na daloy ng mga ideya ng binuod na teksto.

Ano-ano ang dapat tandaan sa pagsulat ng lagom o buod?

1. Basahin nang mabuti ang teksto.
2. Tukuyin ang paksa/tema o *key words* ng binasang teksto.
3. Pag-ugnayin ang mga paksa o ideya.
4. Tiyakin ang organisasyon ng teksto.
5. Huwag magbigay ng sariling opinyon sa pagbubuod.
6. Gabay sa pagbubuod, tingnan ang halimbawa sa ibaba.

BUOD	
Pamagat:	Bagyong Rolly nagdala ng malaking pinsala sa Lungsod ng Iriga
Paksa:	<p>Hindi maaayos ang kalagayan ng mga taga-Iriga matapos manalanta ni Bagyong Rolly.</p> <p>Sinabi ng CDRRMC, halos lahat ng bahay ay nasira at kasalukuyan may mga lugar pang lubog sa baha.</p> <p>Umaabot sa 5 milyong piso ang napinsala sa agrikultura at imprastraktura.</p>



Pagyamanin



Unti-unti mo nang nakikilala ang pagsulat ng *script* sa *radio broadcasting*, kaya't ipagpapatuloy mo pa ang mga pagsasanay.

Panuto: Basahin nang mabuti ang panradyong iskrip. Sagutin ang sumusunod na gawaing nasa ibaba.

DWJB...1

1. **STATION ID:** DWJB 95.5 Radyo Bikolano!
2. **MSC UP AND UNDER**
3. **HOST:** Magandang, Magandang Hapon mga tagapakinig. Oras ala- una ng hapon. Narito na naman ang Radyo Bikolano upang magbigay ng mga balitang bago at isyung pinag-uusapan ng sambayan. Ito po ang inyong lingkod Che-Che Cortez.
4. **MSC UP AND UNDER**
5. **HOST:** At ngayon sa ulo ng mga nagbabagang balita.
(STINGER)
Balitang Lokal: *Remote Enrolment sa DepEd Iriga,*
isinusulong na
Balitang Isports: *Andrada nasungkit ang Silver Medal sa Lawn Tennis*
6. **MSC UP AND UNDER**
7. **HOST:** Nais ninyong malaman ang mga detalye ng aming balita? Sa aming pagbabalik pagkatapos nang isang paalala.
8. **INFOMERCIAL:**
Ate: Oy! (3) Dina kunin mo nga ng mga gamit ko.
Dina: Sandali ate, may ginagawa pa po ako.
Ate: O sige pakatapos mo diyan kunin mo.
Dina: Salamat ate.
*Huwag maging mapang-abuso sa kapatid.
Igalang at mahalín ang bawat miyembro ng pamilya.
Isang paalala mula sa himpilang ito.*

9. **MSC UP AND UNDER**

10. **HOST:** Patuloy tayo sa ating balitaan...

Isinulong ng DepEd Iriga ang *Remote Enrolment* simula noong Hunyo 1, 2020 hanggang Hunyo 15, 2020 upang maiwasan ang pagdagsa ng mga magulang na pumunta sa kani-kanilang paaralan kung saan magpapatala ang kanilang mga anak.

Ayon kay *Schools Division Superintendent* Cecille Bernadette P. Rivera, sa pamamagitan ng *Online Enrolment* maiiwasan ang pagtitipon-tipon ng mga tao na maaaring magdulot ng pagdami ng COVID 19 na kaso sa ating lungsod.

Kaya pinapayuhan ang lahat na kung maaari mayroon lang naman na *internet* sa kanilang bahay ay mainam na gawin ang *online enrolment*.

Habang iyong iba ay maaaring magpatala sa kani-kanilang barangay at sagutin ang mga hinihinging impormasyon sa ibibigay na *enrolment form*.

11. **MSC UP AND UNDER**

12. **HOST:** Oras po natin, ala una singkweta ng hapon.

Hanggang sa muli ninyong pakikinig sa Radyo Bikolano.

Maraming Salamat!

-End-

Gawain A: Sagutin ang sumusunod na tanong. Gawin ito sa iyong papel.

1. Ano ang dalawang ulo ng balita sa nabasang iskrip?

a. _____

b. _____

2. Anong oras nagsimula ang programang pagbabalita ng DWJB Radyo Bikolano?

3. Ano ang mensahe ng *infomercial* na iyong nabasa?

4. Sa palagay mo, bakit nagkaroon ng *remote enrolment* ngayong taon?

5. Batay sa iyong obserbasyon, ano ang napansin mo sa nabasang iskrip? Ibahagi ang sagot iyong magulang o kapatid.

Gawain B: Sumulat ng isang *infomercial* gamit ang iba't ibang uri ng pangungusap. Pumili ng tema na nakasulat sa ibaba. Gawin ito sa iyong papel.

- Kampanya sa pangangalaga ng kapaligiran.
- Kampanya sa pagsulong ng de-kalidad na edukasyon.
- Kampanya sa pangangalaga ng kalusugan

Infomercial

Gawain C: Sumulat ng isang buod tungkol sa nabasang iskrip na nasa itaas. Gawin ito sa iyong papel.

Ang galing-galing mo! Natapos mo ang Pagsasanay.

Saang pagsasanay ka nahirapan?

___ Gawain A

___ Gawain B

___ Gawain C

Gayunpaman binabati kita sa iyong tagumpay.



Isaisip

Magaling! Sinikap mong gawin ang lahat ng pagsasanay upang maunawaang mabuti ang *Radio Broadcasting* at Teleradyo. Tingnan naman natin kung ano pa ang iyong mga natutunan mo kaugnay dito.

Ngayon, sagutin mo ang sumusunod na tanong para matukoy mo ang iyong natutuhan.

Tingnan naman natin kung ano pa ang iyong mga natutunan mo kaugnay dito.

Tanong	Ang Aking Sagot
Ano ang dapat gawin upang masagot mo nang maayos ang mga tanong tungkol sa binasang iskrip?	
Batay sa iyong obserbasyon paano isinusulat ang isang panradyo o teleradyong iskrip?	
Sa iyong palagay, mahalaga bang gamitin ang iba't ibang uri ng pangungusap sa pagsulat ng panradyong iskrip? Bakit?	
Magbigay ng isang paalala sa pagsulat o pagbuo ng isang iskrip sa <i>radio broadcasting</i> ?	
Mahalaga bang sundin ang dayagram sa pagbubuo ng panradyo o teleradyong iskrip? Bakit?	



Isagawa

Panuto: Mangalap ng impormasyon sa pamamagitan ng isang panayam sa inyong pamilya o kamag-anak tungkol sa kalagayan ng COVID 19 sa inyong lugar. Pagkatapos, sumulat ng panradyong iskrip gamit ang iba't ibang uri ng pangungusap. Sundin ang iyong obserbasyon sa pagbuo ng iskrip. Gamitin ang rubrik sa **pahina 4** at gawin ito sa iyong sagutang papel.

A. Pangkalahatang Iskrip

B. Balitang Iskrip

C. Infomercial



Tayahin

A. Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang balitang iskrip at pagkatapos sagutin ang sumusunod na tanong. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

Andrada nasungkit ang *Silver Medal* sa *Lawn Tennis*

Nasungkit ni Rachel Andrada mag-aaral ng ICS ang *silver medal* sa larong *lawn tennis* noong September 29, 2019 ng *PHILTA-Junior Tennis Tournament* sa Naga City.

Ayon kay Andrada, kahit pangalawa lang siya sa kompetisyon naipakita pa rin niya ang kaniyang lakas, liksi at bilis laban sa kaniyang katunggali.

Sa pangalawang *set* nang laban, sadyang maliksi ang galaw ni Rowena Mercado na nagpakawala ng *forehand smash* na nagpamangha sa lahat at nakuha ang iskor na 6-4.

1. Sino ang nakasungkit ng *silver medal* sa larong *lawn tennis*?
A. Rachel Andrada
B. Rowena Mercado
C. Rowena Andrada
D. Rachel Mercado
2. Sino ang nakatunggali ni Rachel Andrada sa *tournament*?
A. Rachel Andrada
B. Rowena Mercado
C. Rowena Andrada
D. Rachel Mercado
3. Kailan at saan naganap ang *PHILTA-Junior Tennis Tournament*?
A. September 28, 2019, Legazpi City
B. September 28, 2020, Naga City
C. September 29, 2019, Naga City
D. September 29, 2020, Legazpi City

4. Saan naganap ang PHILTA-*Junior Tennis Tournament*?

- A. Naga City
- B. Iriga City
- C. Legazpi City
- D. Sorsogon City

5. Ano ang naging iskor ng dalawang manlalaro?

- A. 5-4
- B. 6-4
- C. 7-5
- D. 8-6

B. Panuto: Gamitin ang mga pangungusap sa loob ng kahon upang makabuo ng *infomercial* sa *radio broadcasting*. Gawain ito sa iyong sagutang papel.

A. Sori ma'am. Sori klasmeyt.
B. Andito na si Negro!
C. Mga bata mali 'yang ginagawa ninyo.

Mag-aaral: Andito na si Negro! (6) _____

Guro: (7) _____. Maaari kayong maparusan niyan.

Mag-aaral: (8) _____. Hindi na po mauulit.

Anti-bullying paigtingin. Batas palaganapin.

C. Panuto: Ibuod ang balitang iskrip na iyong nabasa sa isa itaas. Gawain ito sa iyong papel. (9-10)

Pamagat

_____.

D. Panuto: Sumulat ng isang buong iskrip sa *radio broadcasting* gamit ang binuod na balitang iskrip at *infomercial* na nasa itaas. Sundin ang mga natutunan o mga obserbasyon sa pagbuo nito. Gawin ito sa iyong papel. (11-15)

Iskrip na Panradyo

Mahusay! Batid kong alam mo nang sumulat ng sariling talambuhay. Ipagpatuloy ang pagsagot sa karagdagang gawain.



Karagdagang Gawain

Upang lubusang malinang ang iyong kakayahan sa pagsulat ng *script* sa *radio broadcasting* magsanay ka pa.

Panuto: Sumulat ng sariling panradyong iskrip gamit ang iba't ibang uri ng pangungusap. Humingi ng tulong sa magulang o kasama sa bahay. Gamiting muli ang rubriks sa **pahina 4** sa pagbuo nito.

Pangkalahatang Iskrip

Station ID.

Host:

Anchor:

1. Balitang Nasyonal:

2. Balitang Lokal:

Anchor:

Reporter 1:

...Plug in...Plug out...

Anchor:

Infomercial

Anchor:

Reporter 2:

...Plug in...Plug out...

Anchor:

Malugod na pagbati! Napagtagumpayan mo ang mga gawain sa modyul na ito. Maaari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul.



Susi sa Pagwawasto

Subkin

A. 1. A 2. B 3. A 4. B 5. B

B. Pamagat: CES Project, isinulong ng SDO Iriga

Buod: Isinulong ng SDO Iriga ang project CES sa pangunguna ng School Division Superintendent na si Dr. Cecille Bernadette P. Rivera ang programa upang makapagbigay ng dekalidad na edukasyon para sa mga mag-aaral ng lungsod ng Iriga. Layunin ng programang magkaisa ang mga ahensiya at komunidad sa Iriga na makapagbigay ng serbisyong pang edukasyon sa lahat.

Tuklasin

1. Bagyong Rolly nagdala nang malaking pinsala sa lungsod ng Iriga.

DRMM-Landia Drill isinulong, mag-aaral ng ICS sinubukan.

2. Opo. Upang malaman ng mga tagapakinig kong anong radio station ang naghahatid ng balita.

3. Pagpapahalaga ng kalusugan at sundin ang Health Protocol.

4. Opo.

-Pasalaysay- Narrito na naman po kami upang maghatid ng sariwa at mainit na balita.

-Patamong- Kamusta na ba ang mga kapatid natin diyan?

-Padamdang- Naku! Anak bawal lumabas na walang face mask.

-Pautos- Kailangang sundi natin ang Health Protocol.

Balikan

Pagpupulong sa DSPC 2019

Petsa: Agosto 10, 2019

Oras ng simula: Ika – 1 ng hapon

Bilang ng dumalo: 15-miyembro

Lugar ng pinagdausan-Silid ng Grade 6 SSES

Pinangunahan ni Gng. Jester N. Bona, tagapag-ugnay ng Dyonalismo

ng Paaralang Sentral ng Iriga ang pulong. Sinang-ayunan ng lahat ang ilang

mungkahi para sa paghahanda sa Division Schools Press Conference.

Pinagtibay naman ito ni Gng. Bona. Tinalakay din ang iba pang mahahalagang

impormasyon. Natapos ang pagpupulong sa ganap sa ganap na ika-3 ng

hapon.

Inihanda: Ma. Theresa I. Cortez

Kalihin

Pagyamanin**Gawain A**

- 1.a. Remote Enrolment sa DepEd, isinulong na
- b. Andrada nasungkit ang Silver Medal sa Lawn Tennis
2. Ala-una ng hapon
3. Mahalin natin ang ating kapatid o kapamilya
4. Dahil sa COVID 19
5. Mayroon itong station, frequency, oras, petsa, ulo ng balita, detalye ng balita, infomercial, music bed, plug in and out at Extro.

Gawain B at C.

Tingnan ang rubriks sa pahina 4 pagwawasto.

Isaisip

1. Sagutin ang mga tanong na literal, pagsusuri at paghihinuha upang mauunawan ang binasang iskrip na panradyo o teleradyo.
2. Isinusulat ito ng may Station ID, frequency, oras, petsa, balita, infomercial, music bed, extro.
3. Opo. Dahil sa iba't ibang uri ng pangungusap malinaw na maihahatid ang kahulugan ng mensahe ng balita lalong lalo na binibigkas ito at pinakikinggan ng mga tagapakinig.
4. Dapat ito ay kawili-wili, gumamit ng mga salitang madaling maunawaan ng tagapakinig, iwasan ang paligoy-ligoy at paulit-ulit, bawat talata katumbas ay isang pangungusap. Isaalang-alang ang gramatika at baybay ng mga salita. Isusulat ng malalaking titik ang mga salitang hindi bibigkas.
5. Opo. Upang mas madali mong magawa ang buod ng iskrip.

Isagawa

Gamitin ang rubriks sa pagwawasto sa pahina

Tayahin

A. 1.A 2.B 3. C 4.A 5.B

B. Mag-aaral – 6. Andito na si Negro!

Guro: 7. Mga bata mali ang ginagawa ninyo.

Mag-aaral – 8. Sori Ma'am. Sori Klasmate

C at D

Tingnan ang rubriks na nasa pahina 4 sa pagwawasto

Karagdagang Gawain

Tingnan ang rubriks na nasa pahina 4 sa pagwawasto.

Sanggunian

Calatrava, S., et.al. (2015). Yaman Ng Lahi Wika At Pagbasa Sa Filipino 4.
1st ed. Pasig City: Sunshine Interlinks Publishing House, Inc.

Franco, R., (2019), Pagsulat ng Iskrip ng Programang Panradyo, Pebrero 12,
2019, mula sa

https://www.google.com/url?sa=t&source=web&rct=j&url=https://www.slideshare./mobile/reinaantonette/pagsulat-ng-iskrip-programang-panradyo&ved=2ahUKEwjlvsmtwe_pAhXBdd4KHYwQBdYQFjAAegQIAhAB&usg=AOvVaw1uBc5zvXnHWTr5Ve2YzCD0&cshid=1591526407345

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph